



SAN FRANCISCO FIRE DEPARTMENT

Public Information Office

06-06-2016

PUBLIC SERVICE ANNOUNCEMENT

1540 Hrs.

For Immediate Release PST
Jonathan Baxter 415 – 558-3404 (d)
415 – 660-0545 (c)

SAN FRANCISCO FIRE DEPARTMENT IMPORMASYON HINGGIL SA KALIGTASAN UKOL SA FIREWORKS (MGA PAPUTOK)

Sa nalalapit na ang pagdiriwang ng July 4 nais ipaalala ng San Francisco Fire Department sa lahat na mga residente at bisita na bawal (zero tolerance o walang pagpaparaya) ang paggamit at pagbenta ng anumang fireworks.

IMPORMASYON:

- Bawat taon mayroong sobra sa 12,000 na nasasaktan dahil sa fireworks, kalahati sa kanila ay mga bata, ang ginagamot sa mga emergency room ng mga hospital.
- Mahigit sa 25% ng mga batang nasasaktan sa fireworks ay mga nanonood lamang.
- Ang simpleng bagay katulad ng sparkler (luis) ay nakakasunog sa temperaturang hanggang 1,800 degrees! Iyan ay sapat na init para matunaw ang ginto
- Bawat taon, ang mga aksidenteng kaugnay ng fireworks ay nagdudulot ng milyon-milyong danyos o pagkasira ng ari-arian.
- **MUNICIPAL CODE SEC. 1290. BAWAL ANG PAGPAPAPUTOK NG FIREWORKS (Mga Paputok)**
“Walang (mga) tao, kumpanya, korporasyon o asosasyon ang maaaring mag paputok ng anumang klaseng fireworks sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco. Ganunpaman, ang pampublikong pagpapalabas ng firework ay maaaring mapagbigyan sa pamamagita ng nakasulat na pagsang-ayon ng kapwa ng Fire Marshal at ng Chief of Police.”

Ang pag-aari ng fireworks katulad ng sky rockets, bottle rockets, roman candles, aerial shells, firecrackers at iba pang mga tipo na sumasabog, na lumilipad sa ere, o gumagalaw sa lupa sa paraang hindi nakokontrol ay maaaring humantong sa pagmulta o pagkakulong sa county jail. Kahit ang “Safe and Sane” (Ligtas at Matino) na fireworks, katulad ng firecrackers at sparklers, ay kinokonsiderang illegal (bawal o labag sa batas).

Matinding hinihimok ng San Francisco Fire Department ang mga taga San Francisco na panatilihin ligtas ang mga paligid at distrito nila ngayong taon. I-ulat lamang po ang lahat ng fireworks sa San Francisco Police Department sa: 415-553-0123.

Hinihiling sa mga residente at bisita ng San Francisco na tumulong sa pagpigil ng mga sunog kaugnay ng mga bawal na fireworks. Para sa impormasyon sa kaligtasan at iba pang masayang kaganapan sa San Francisco, bisitahin lamang po ang sumusunod na mga link:

<http://www.sftourismtips.com/fourth-of-july-san-francisco.html>

<http://sf.funcheap.com/san-francisco-4th-july-fireworks-show/>

<http://m.kidshealth.org/en/parents/fireworks.html?WT.ac=>

<http://www.nsc.org/learn/safety-knowledge/Pages/news-and-resources-fireworks-safety.aspx>

###